



Kagitingan At Pag-asa (Biag ni Lam-Ang)
CHRISANTO AQUINO

Biag ni LAM-ANG ng mga Ilocano

Katulad ng alinmang buhay, nagsisimula ang kuwento ni Lam-ang sa kapanganakan at nagtatapos sa isang kamatayan. Makabalaghan ang pagkakapanganak kay Lam-ang ni Namongan. Si Lam-ang mismo ang magpapangalan sa sarili niya pagkaluwal sa kanya. Pagkatapos mabinyagan, hahanapin agad niya ang ang kayang tatay, si Don Juan, na umalis papunta sa bayan ng Kaigorotan. Mag-isang sinugod ni Lam-ang ang bundok na pinakamaitim, kahit hindi pa umaabot ng siyam na buwan ang gulang niya. Nagbabadya ng kamatayan ang kulay itim sa bayan ng mga Igorot na tatuan. Dala lamang ni Lam-ang mga batong mutya mula sa iba't ibang ibon, hayop at insekto. May dala rin siyang kalasag at kampilan. Pagdating niya sa bayan ng mga Igorot, hindi lamang niya hinamon ang mga nandoong Igorot na nagdaraos ng piging sa harap ng pugot na ulo ng kanyang ama. Ipinatawag pa niya ang buong Kaigorotan upang kalabanin niya. Pinaulanan siya ng sibat ng mga Igorot na tatuan. Ngunit sinalo lamang silang lahat ni Lam-ang. Gumanti si Lam-ang sa pamamagitan ng pagsakay sa ipo-ipo at pagwasiwas ng kanyang kampilan. Napatay niya ang lahat ng mga Igorot na tatuan.

Pagkatapos makipagdigma, naligo si Lam-ang sa ilog Amburayan na ikinamatay ng lahat ng mga isda at maliliit na hayop na nakatira sa tubig. Nahirapan pati ang mga kapatid niyang dalaga sa pagluto ng gugo na gagamitin sa kanyang buhok. Kinailangan pa niyang tawagin ang hangin at ulan upang maluto lamang ang gugo. Doon din sa ilog Amburayan nakipagbaka si Lam-ang sa higanteng buwaya. Napatay din niya ang buwaya saka pa lamang siya umuwi pabalik ng Nalbuhan.

Pagkabalik niya nagpabihis siya sa kanyang pinakamagarang damit sa kanyang nanay. Makikipagsapalaran siya sa panliligaw kay Donya Ines Cannoyan ng bayan ng Calanutian, na inilarawan bilang kawangis ng “siyam na kawan ng bituin na kumikinang sa gabi.” Kasama niya sa paglalakbay ang kanyang alagang puting tandang na dilaw ang mga paa, at balahibuhing aso na may kulay sa batok, na tinatalian niya ng gintong lubid na may siyam na likaw. Binalaan nga lamang siya ni Namongan na baka hindi siya magustuhan ni Ines, gayong walang ni isang nagustuhan ang dalaga sa napakaraming Kastilang mayayaman na nanliligaw sa kanya. Ngunit sinabihan naman ng mga alaga ni Lam-ang si Namongan na tiyak na magiging manugang nito si Ines Cannoyan kung susubukan lamang ni Lam-ang.

Sa daan papunta sa Calanutian, makakasalubong ni Lam-ang si Sumarang na may matang parang pinggan at ilong na sinlapad ng dalawang talampakan. Galing din si Sumarang sa panliligaw kay Ines at ngayon pinipigilan niya si Lam-ang na magpatuloy. Pinatay siya ni Lam-ang sa pamamagitan ng pagbalik ng sibat nito sa kanya na nagtapon sa kanya sa siyam na burol. Sunod niyang nakita ang bahay ng dalagang Saridandan na sinubukan siyang akitin at nang huwag nang matuloy sa kanyang paglalakbay. Ngunit hindi sa kanya nagpatukso si Lam-ang at nagpatuloy sa kanyang pakay sa Calanutian.

Pagdating niya sa Calanutian, nakita niyang napakaraming manliligaw na nandoon sa bakuran ng bahay ni Ines Cannoyan. Hindi alam ni Lam-ang kung paano siya makakalapit. Ang ginawa niya’y sumuot sa pagitan ng binti ng mga manliligaw hanggang makarating siya sa gitna ng bakuran. Doon pinapayagpag niya ng pakpak ang puting tandang. Nabuwal nito ang bahay ni Ines. Napadungaw tuloy si Ines. Sunod na pinakahol niya ang kanyang aso na nagpapabago sa luma at lumilikha mula sa wala; ibig sabihin, muling itinayo ng aso ang nabuwal na bahay ni Ines at ginawa pang bago. Sinundo ni Ines si Lam-ang sa gitna ng bakuran at pinapasok sa kanilang bahay. Napahiya ang lahat ng iba pang manliligaw kay Lam-ang.

Inasikaso at pinakain si Lam-ang ng ama ni Ines at ni Unnayan, kanyang nanay. Pinaupo siya sa isang gintong upuan at binigyan ng nganga. Kumain sa iisang pinggan at mangkok sina Lam-ang at Ines. Ngunit bago ibigay kay Lam-ang ang mga kamay ni Ines kailangan niyang tapatan ang kayamanan ng dalaga na halos lahat ng pag-aari ay yari sa ginto. Nakayang tapatan at nilampasan pa ni Lam-ang ang lahat ng yaman ni Ines gayong may mga lupain din siya sa Kaigorotan at nakikipagkalakal pa sa mga Tsino. Sinundo ni Lam-ang si Namongan mula sa Nalbuan upang daluhan ang kasal nila sa Calanutian, kasama ang mga kababayan niya sakay ng dalawang balangay. Ikinasal sina Lam-ang at Ines sa loob ng simbahan sa ilalim ng bendisyon ng padre kura. Labis-labis ang kasiyahan sa kasalan na sinabayan ng pagpapaputok ng kanyon, at baril at pagpapatunog ng batingaw. Pagkatapos ng sayawan sa Calanutian, lumipat naman silang lahat sa Nalbuan upang doon muling ulitin ang mga pagdiriwang. Sa loob ng nasabing pagdiriwang nagkaroon ng pagkakataon na sipatin nina Ines at Lam-ang ang hitsura ng isa’t isa. Bagamat pinintasan nila ang isa’t isa, sinabi naman nila parehong ganoon ang kinagawian at kaugalian ng mayayaman sa parehong bayan nila. Malugod naman nilang tinanggap pareho ang kultura ng kani-kaniyang bayan.

Nang manirahan na sina Ines at Lam-ang sa Nalbuan, kinailangan na ring gampanan ni Lam-ang ang tungkulin ng pagsisid sa rarang, isang

dambuhalang susong dagat, na ipinaalala sa kanya ng capitan de barangay. Nagkaroon ng pangitain si Lam-ang na mapapatay siya ng dambuhalang pating sa pagsisid sa rarang. Binalaan niya si Ines na malalaman nitong napatay na nga siya kapag sumayaw ang hagdan, magiba ang bubong ng lutuan, at madurog ang kalan. Nangyari nga ang mga tanda at naghinagpis si Ines sa kamatayan ni Lam-ang. Ngunit inalo siya ng alagang tandang ni Lam-ang. Kailangan lamang nilang buuin muli ang lahat ng buto ni Lam-ang upang muli siyang mabuhay. Inupahan ni Ines ang maninisid na Tandang Marcos upang hanapin ang mga buto ni Lam-ang. Saka sinabihan si Ines ng tandang na kumutan niya ng kanyang tapis ang mga buto saka siya tumalikod. Pinapayagpag ng tandang ang kanyang pakpak. Gumalaw ang mga buto ni Lam-ang. Kumahol nang dalawang ulit ang aso. Muling nagkalaman at nagkaroon ng buhay ang mga buto ni Lam-ang. Pakiramdam ni Lam-ang, nakatulog lamang siya nang pitong araw. Bumalik sina Lam-ang at Ines sa kanilang bahay na pinanaugan at namuhay nang nagmamahalan.

Sanggunian:

Yabes, Leopoldo Y., tagapagbuo ng teksto. “Lam-ang: Ang Epiko ng mga Ilocano.” Isinalin ni Angel A. Acacio. Sa *Antolohiya ng mga Panitikang Asean: Mga Epiko ng Pilipinas*. Pinamatnugutan nina Jovita Ventura Castro, et al. Quezon City: Komite ng Kultura at Kabatiran ng ASEAN, 1984.